The International Review of Multidisciplinary Research
Volume 1, Issue 8, June 2026, pp. 90-98
https://doi.org/10.67167/vertex.464

# Kabisaan ng Bridging Strategy sa Pagpapaunlad ng Kamalayang Ponolohikal ng mga Piling Paaralan sa Distrito Ng Bambang 1

**[1]Chyntia S. Cardenas, [2]Laila G. Hernandez**
Nueva Vizcaya State University
[1]chyntia.deguzman@deped.gov.ph, [2]lh920225@gmail.com

**Mga Detalye ng Artikulo:**

Natanggap: 9 Mayo 2026
Binago: 16 Mayo 2026
Tinanggap: 31 Mayo 2026
Nailathala: 12 Hunyo 2026
Kaugnay na Email:
janicealejado83@gmail.com

**Inirerekomendang Sipi:**

Cardenas, C. S., Hernandez, L. G. (2026). Kabisaan ng Bridging Strategy sa Pagpapaunlad ng Kamalayang Ponolohikal ng mga Piling Paaralan sa Distrito Ng Bambang 1. The International Review of Multidisciplinary Research. 1 (8), 90-98. https://doi.org/10.67167/vertex.464

**Mga Terminong Indeks:**

bridging strategy, kasanayan sa pagbasa, kamalayang ponolohikal, mag-aaral ng baitang 1

**Abstrak.** Ang pag-aaral na ito ay naglayong suriin ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Baitang 1 batay sa kanilang kamalayang ponolohikal at alamin ang epekto ng Bridging Strategy sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa literasi. gumamit ng deskriptibong kwantitatibo at kwalitatibong disenyo na may experimental approach upang masukat ang antas ng kasanayan bago at pagkatapos ng implementasyon ng Bridging Strategy. Kasama rin sa pag-aaral ang pagsusuri sa mga hamon na nararanasan ng mga guro sa paggamit ng nasabing pedagogical approach. Bago ang implementasyon ng Bridging Strategy, karamihan sa mga mag-aaral (85%) ay nasa antas ng katamtamang husay, samantalang 5% lamang ang mahusay at 10% ang mahina. Pagkatapos ng paggamit ng Bridging Strategy, 65% ng mga mag-aaral ang nakamit ang napakahusay na antas at 35% ang mahusay, na nagpapakita ng malinaw na pag-unlad sa kanilang literacy skills. Ipinakita rin ng dependent t-test ang makabuluhang pagkakaiba sa pretest at posttest scores ($t = 11.46$, $p < 0.001$), na nagpapatunay sa bisa ng Bridging Strategy sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Natukoy din ang tatlong pangunahing hamon sa paggamit ng Bridging Strategy ng mga guro na kinabibilangan ng kakulangan sa kasanayan ng guro sa lokal na wika, lingguwistikong pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral at hamon sa paglipat ng kaalaman. Ang mga hamong ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa sapat na instructional resources at patuloy na propesyonal na pagsasanay ng mga guro upang mas epektibong maisakatuparan ang learner-centered approach. Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang pagpapatuloy at pagpapalawak ng Bridging Strategy, regular na pagtatasa ng kasanayan sa pagbasa, paggamit ng learner-centered at contextualized na pamamaraan, at pagbibigay ng sapat na suporta at pagsasanay sa mga guro. Mahalaga rin ang kolaborasyon ng mga administrador, komunidad, at Department of Education upang mapalakas ang implementasyon at maipamahagi sa iba pang paaralan.

## Panimula

Sa kasalukuyang panahon, ang kalidad ng edukasyon sa elementarya ay kinikilalang pundamental sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral. Ang unang baitang ay isang kritikal na yugto kung saan nalilinang ang batayang kasanayan sa pagbasa, pag-iisip, at pagkatuto. Ang pagbasa ay hindi lamang mekanikal na pagkilala ng mga salita kundi isang masalimuot na prosesong kognitibo na kinapapalooban ng pag-unawa, interpretasyon, at aplikasyon ng impormasyon. Dahil dito, ang maagang paglinang ng kasanayan sa pagbasa—lalo na ang kamalayang ponolohikal (phonological awareness)—ay mahalaga sa pangmatagalang akademikong tagumpay ng mga mag-aaral (Ehri, 2020; Castles et al., 2018).

Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang kamalayang ponolohikal ay isang pangunahing prediktor ng kakayahan sa pagbasa, sapagkat ito ang pundasyon ng decoding at word recognition (Gillon, 2018; Lervåg et al., 2018). Ayon kina Abdon at Barrios (2022), ang mga interbensiyong nakatuon sa phonological awareness, lalo na kung isinagawa sa mother tongue, ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa kasanayan sa pagbasa ng mga batang mag-aaral. Pinagtibay ito nina Bugtaquen

© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.

(2024) at Mejala (2024), na nag-ulat na ang paggamit ng kontekstuwalisadong materyales at sistematikong literacy interventions ay may positibong epekto sa early reading development ng mga mag-aaral sa Pilipinas.
Gayunpaman, sa kabila ng mga umiiral na programa, nananatiling hamon ang mababang antas ng literacy skills sa maraming pampublikong paaralan. Maraming mag-aaral sa unang baitang ang nahihirapan sa pagkilala ng tunog ng mga titik, pagsasanib ng tunog upang makabuo ng salita, at pag-unawa sa simpleng teksto. Ang ganitong suliranin ay iniuugnay sa kakulangan ng epektibong pedagogical approaches, limitadong instructional materials, at hindi sapat na pagsasanay ng mga guro (Casingal et al., 2025; Olabiyi et al., 2025). Ayon kina Dela Cruz at Rey (2023), ang mababang antas ng phonological awareness ay direktang nakaaapekto sa reading fluency at comprehension ng mga mag-aaral.

Sa pandaigdigang konteksto, binibigyang-diin ng Sustainable Development Goal 4 (SDG 4) ang kahalagahan ng inklusibo at dekalidad na edukasyon para sa lahat (United Nations, 2020). Kaugnay nito, ang literacy development sa mga unang baitang ay itinuturing na mahalagang hakbang upang makamit ang mas mataas na antas ng pagkatuto. Sa Pilipinas, tumutugon ang Department of Education sa hamong ito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Revised MATATAG Curriculum, na nakatuon sa pagpapalakas ng foundational skills tulad ng phonological awareness at comprehension (DepEd, 2024).

Sa lokal na konteksto, partikular sa Distrito ng Bambang I, napapansin na marami sa mga mag-aaral sa Grade 1 ang nahihirapan sa mga batayang kasanayan sa pagbasa. Ang sitwasyong ito ay mas lumalala sa paggamit ng tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo na hindi nakatuon sa learner-centered approaches. Ayon kina Ocampo at Pado (2020) at Alonzo (2018), ang paggamit ng interaktibo at scaffolded instruction ay mahalaga upang mapataas ang partisipasyon at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Bilang tugon sa mga hamong ito, lumilitaw ang pangangailangan para sa mga makabagong estratehiya sa pagtuturo tulad ng Bridging Strategy. Ang estratehiyang ito ay nakatuon sa pag-uugnay ng dating kaalaman ng mga mag-aaral sa bagong konsepto upang mapadali ang pag-unawa (Bucal & Pawilen, 2025). Ayon kina Darling-Hammond et al. (2020) at Hattie (2023), ang pag-activate ng prior knowledge ay isa sa mga pinakamabisang paraan upang mapataas ang comprehension at retention ng mga mag-aaral. Pinagtibay rin nina Fiorella at Mayer (2016) at Ambrose et al. (2017) na ang generative learning at aktibong pag-uugnay ng ideya ay nagreresulta sa mas malalim at pangmatagalang pagkatuto.

Sa larangan ng literasi, ipinapakita nina Castles et al. (2018) at Ehri (2020) na ang pag-uugnay ng phonological awareness sa mga bagong konsepto sa pagbasa ay mahalaga upang mapaunlad ang decoding at word recognition skills. Dagdag pa rito, ipinakita nina Cummins (2021) at Garcia at Kleifgen (2020) na ang paggamit ng bridging strategies sa multilingual classrooms ay nagpapalakas sa literasi at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Sa kabila ng mga ebidensiyang ito, may kakulangan pa rin sa mga pag-aaral na sumusuri sa kabisaan ng Bridging Strategy bilang isang integratibong interbensiyon sa phonological awareness sa ilalim ng Revised MATATAG Curriculum. Karamihan sa mga umiiral na pag-aaral ay nakatuon lamang sa phonological awareness bilang hiwalay na interbensiyon at hindi isinasaalang-alang ang papel ng guro sa implementasyon ng learner-centered strategies.

Dahil dito, ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang kabisaan ng Bridging Strategy sa pagpapaunlad ng kamalayang ponolohikal ng mga mag-aaral sa Grade 1 sa piling paaralan sa Distrito ng Bambang I. Layunin nitong magbigay ng empirikal na ebidensya hinggil sa epekto ng estratehiyang ito sa kasanayan sa pagbasa at sa kahusayan ng mga guro sa paggamit nito. Inaasahan na ang resulta ng pag-aaral ay makatutulong sa pagpapabuti ng literacy instruction at sa pagpapatibay ng learner-centered pedagogy sa konteksto ng edukasyon sa Pilipinas.

*Paglalahad ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay may pamagat na “Kabisaan ng Bridging Strategy sa Pagpapaunlad ng Kamalayang Ponolohikal ng mga Grade 1 sa Piling Paaralan sa Distrito ng Bambang I.” Layunin nitong sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 1 ayon sa kamalayang ponolohikal bago gamitin ang Bridging Strategy?
2. Ano ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 1 ayon sa kamalayang ponolohikal pagkatapos gamitin ang Bridging Strategy?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Bridging Strategy?
4. Ano ang mga hamon na nararanasan ng mga guro sa paggamit ng Bridging Strategy sa pagtuturo ng pagbasa?

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

## Metodolohiya

Ang pag-aaral na may pamagat na “Kahusayan sa Paggamit ng Bridging Strategy sa Pagtuturo ng Pagbasa Batay sa Revised MATATAG Curriculum ng Grade 1 sa Bambang 1 District” ay gumamit ng deskriptibong kwantitatibo at kwalitatibong disenyo na may experimental na lapit. Ang disenyong ito ay angkop sapagkat nilalayon nitong ilarawan, sukatin, at suriin ang kahusayan ng mga guro sa paggamit ng Bridging Strategy, gayundin ang epekto nito sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa aspektong kwantitatibo, ginamit ang pre-test at post-test upang masukat ang pagbabago sa literacy skills ng mga mag-aaral, samantalang sa aspektong kwalitatibo ay sinuri ang mga karanasan, persepsyon, at hamon ng mga guro sa pamamagitan ng structured interview. Ang pagsasanib ng dalawang lapit ay nagbigay ng mas komprehensibong pagtingin sa bisa ng interbensyon.

Isinagawa ang pag-aaral sa Bambang 1 District na kinabibilangan ng San Leonardo, Barat, at Salinas Elementary Schools. Ang mga paaralang ito ay napili upang kumatawan sa iba't ibang konteksto ng pagtuturo at pagkatuto sa distrito. Ang pag-aaral ay nakatuon sa implementasyon ng Revised MATATAG Curriculum na naglalayong paigtingin ang foundational literacy skills ng mga mag-aaral, lalo na sa unang baitang. Sa ganitong konteksto, mahalagang suriin ang paggamit ng Bridging Strategy bilang isang pamamaraang nag-uugnay ng dating kaalaman ng mga mag-aaral sa bagong aralin upang mapadali ang pag-unawa at mapalalim ang pagkatuto.

Ang mga respondente ng pag-aaral ay binubuo ng mga Grade 1 teachers mula sa tatlong nabanggit na paaralan, na nagsisilbing pangunahing tagapagbigay ng datos hinggil sa kanilang kahusayan at karanasan sa paggamit ng Bridging Strategy. Kabilang din sa pag-aaral ang mga piling Grade 1 learners upang masukat ang epekto ng interbensyon sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Sa pagpili ng mga respondente, ginamit ang stratified random sampling para sa mga mag-aaral upang matiyak ang representasyon mula sa bawat paaralan, kung saan sampung mag-aaral ang pinili sa bawat isa. Samantala, purposive sampling naman ang ginamit sa pagpili ng mga guro upang matiyak na sila ay aktibong gumagamit ng Bridging Strategy sa kanilang pagtuturo.

Sa paglikom ng datos, ginamit ang iba't ibang instrumento tulad ng pre-test, post-test, structured interview, at Teacher's Observation Sheet (TOS), kasama ang mga instructional materials na naglalaman ng detalyadong plano ng Bridging Strategy. Ang mga instrumentong ito ay sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto at isinailalim sa pilot testing upang matiyak ang kanilang pagiging wasto at maaasahan. Ang pre-test at post-test ay ginamit upang masukat ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon, habang ang structured interview ay ginamit upang makuha ang mas malalim na pananaw ng mga guro. Ang interpretasyon ng marka ay ibinatay sa sumusunod na antas: 40–50 bilang napakahusay, 30–39 bilang mahusay, 20–29 bilang katamtamang husay, 10–19 bilang mahina, at 0–9 bilang napakahina.

Isinagawa ang paglikom ng datos sa sistematikong paraan. Unang isinagawa ang pre-test upang matukoy ang paunang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sumunod dito ang implementasyon ng Bridging Strategy batay sa inihandang instructional plan at iskedyul. Matapos ang interbensyon, isinagawa ang post-test upang masukat ang pagbabago sa kasanayan ng mga mag-aaral. Kasabay nito, isinagawa ang structured interview sa mga guro upang makalap ang kanilang karanasan, hamon, at obserbasyon sa paggamit ng estratehiya. Bago ang lahat ng ito, siniguro ang pagsunod sa mga etikal na pamantayan sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot mula sa mga kinauukulan at pagkuha ng informed consent mula sa mga kalahok.

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang iba't ibang estadistikal na pamamaraan tulad ng mean, standard deviation, frequency distribution, at percentage upang mailarawan ang antas ng kasanayan at kahusayan. Ginamit ang dependent t-test upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pre-test at post-test scores ng mga mag-aaral. Itinakda ang antas ng kabuluhan sa 0.05 bilang batayan sa pagtukoy ng statistical significance. Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito, naging sistematiko at empirikal ang pagsusuri sa epekto ng Bridging Strategy.

Sa kabuuan, ang metodolohiyang ginamit sa pag-aaral ay nagbibigay ng malinaw, organisado, at mapagkakatiwalaang paraan upang masuri ang kahusayan ng mga guro sa paggamit ng Bridging Strategy at ang epekto nito sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Pinagsama nito ang lakas ng kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan upang makabuo ng mas malalim at makabuluhang pag-unawa sa implementasyon ng nasabing estratehiya sa konteksto ng Revised MATATAG Curriculum.

## Resulta at Talakayan

*Suliranin 1. Ano ang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral bago isagawa ang interbensyon?*

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

Sa pagtukoy sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga Grade 1 ayon sa kamalayang ponolohikal bago gamitin ang bridging strategy, kinompyut ang *mean*. Ipinapakita ng talahanayan 1 ang resulta.

| Antas ng Kasanayan | Range | Frequency | Percentage |
|---|---|---|---|
| Napakahusay | 21-25 | 0 | 0 |
| Mahusay | 16-20 | 1 | 5 |
| Katamtamang Husay | 11-15 | 17 | 85 |
| Mahina | 6-10 | 2 | 10 |
| Napakahina | 0-5 | 0 | 0 |
| **Kabuuan** | | **20** | **100** |

*Talahanayan 1. Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Grade 1 ayon sa Kamalayang Ponolohikal Bago Gamitin ang Bridging Strategy*

Batay sa datos na inilahad sa Talahanayan 1, makikita na sa kabuuang dalawampung (20) mag-aaral, ang nakararami ay kabilang sa antas na katamtamang husay na may kabuuang labing pito (17) o katumbas ng walumpu't limang porsyento (85%). Samantala, isa (1) o limang porsyento (5%) lamang ang napabilang sa antas na mahusay, at dalawa (2) o sampung porsyento (10%) ang nasa antas na mahina. Kapansin-pansin na walang mag-aaral na napabilang sa antas na napakahusay at napakahina.

Ipinakikita ng datos na ang pangkalahatang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral bago ang paggamit ng Bridging Strategy ay nasa katamtamang antas, na nangangahulugang may umiiral na pundasyon ngunit hindi pa ganap na napauunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Linnea Ehri (2005) na nagsasaad na ang kakayahang makilala ang tunog at ugnayan nito sa mga titik ay kritikal sa pagkatuto ng pagbasa. Dagdag pa rito, ipinakita nina Joseph Torgesen et al. (2001) na ang kakulangan sa phonological awareness ay isa sa pangunahing sanhi ng kahirapan sa pagbasa ng mga batang mag-aaral.

Bukod dito, ang Bridging Strategy ay itinuturing na epektibong paraan upang maiugnay ang dating kaalaman sa bagong konsepto, na nagpapadali sa pagkatuto at pag-unawa (Bucal & Pawilen, 2025). Ang ganitong estratehiya ay umaayon sa learner-centered approach na itinataguyod ng MATATAG Curriculum. Samakatuwid, ang kasalukuyang antas ng kasanayan ay maaaring maiugnay sa kakulangan ng angkop at sistematikong estratehiya sa pagtuturo na nakatuon sa pagpapalakas ng pundasyong kasanayan sa pagbasa.

Dagdag pa rito, ipinakita nina David Pearson at Nell Duke (2002) na ang paggamit ng makabuluhan at estratehikong pagtuturo ay nakatutulong upang mapaunlad ang comprehension skills ng mga mag-aaral. Higit pa rito, ipinahihiwatig ng resulta ang pangangailangan ng patuloy na pagsasanay ng mga guro, sapat na kagamitang panturo, at suporta mula sa institusyon upang matiyak ang epektibong implementasyon ng kurikulum. Ayon sa mga pag-aaral (IJMABER, 2025; IJAPR, 2025), ang tagumpay ng anumang reporma sa edukasyon ay nakasalalay hindi lamang sa disenyo ng kurikulum kundi pati sa kahandaan ng mga guro at sa pagkakaroon ng sapat na suportang pang-edukasyon.

*Suliranin 2. Ano ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga Grade 1 ayon sa kamalayang ponolohikal pagkatapos gamitin ang bridging strategy?*

Sa pagtukoy sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Pagbasa pagkatapos isagawa interbensiyon, kinompyut ang *mean*. Ipinapakita ng talahanayan 2 ang resulta.

| Antas ng Kasanayan | Range | Frequency | Percentage |
|---|---|---|---|
| Napakahusay | 21-25 | 13 | 65 |
| Mahusay | 16-20 | 7 | 35 |
| Katamtamang Husay | 11-15 | 0 | 0 |
| Mahina | 6-10 | 0 | 0 |
| Napakahina | 0-5 | 0 | 0 |
| **Kabuuan** | | **20** | **100** |

*Talahanayan 2. Antas ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Grade 1 Learners Ayon sa Kamalayang Ponolohikal Pagkatapos Gamitin ang Bridging Strategy*

© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.

Batay sa datos na inilahad sa Talahanayan 2, makikita na sa kabuuang dalawampung (20) mag-aaral, ang nakararami ay nasa antas na napakahusay na may labintatlo (13) o katumbas ng animnapu't limang porsyento (65%). Samantala, pito (7) o tatlumpu't limang porsyento (35%) naman ang nasa antas na mahusay. Kapansin-pansin na walang mag-aaral na napabilang sa katamtamang husay, mahina, at napakahinang antas.
Ipinakikita ng resulta na matapos gamitin ang Bridging Strategy, ang antas ng kamalayang ponolohikal ng mga mag-aaral ay umangat sa mataas na lebel. Ibig sabihin, ang lahat ng kalahok ay nakamit ang antas na mahusay at napakahusay, na nagpapahiwatig ng malinaw na pag-unlad sa kanilang kasanayan sa pagbasa.

Mula sa mga datos, mahihinuha na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa kakayahang bumasa at umunawa ng mga tunog at salita. Ang dominasyon ng antas na napakahusay ay nagpapahiwatig na nagkaroon ng mas malalim na paglinang sa kamalayang ponolohikal, partikular sa pagkilala, pagbigkas, at pag-uugnay ng tunog ng mga titik sa pagbuo ng salita.

Kaugnay nito, ang resulta ay umaayon sa layunin ng Department of Education (2024) sa MATATAG Curriculum na palakasin ang foundational literacy skills sa pamamagitan ng mga angkop at sistematikong estratehiya sa pagtuturo. Ang mataas na antas ng pagganap ay nagpapakita na ang Bridging Strategy ay nakatutulong sa pag-uugnay ng dating kaalaman ng mga mag-aaral sa bagong konsepto, na nagiging susi sa mas mabisang pagkatuto (Bucal & Pawilen, 2025).

Dagdag pa rito, sinusuportahan ng teorya ni Linnea Ehri (2005) na ang pag-unlad ng kamalayang ponolohikal ay mahalagang pundasyon sa matagumpay na pagkatuto ng pagbasa, lalo na sa pagkilala ng ugnayan ng tunog at simbolo. Gayundin, ipinakita nina Torgesen et al. (2001) na ang sistematikong interbensyon sa phonological awareness ay nakapagpapabuti ng kakayahan sa pagbasa ng mga batang mag-aaral.

*Suliranin 3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag aaral bago at pagkatapos gamitin ang Bridging Strategy?*

Sa pagtukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga respondente sa asignaturang Pagbasa bago at pagkatapos isagawa ang interbensiyon, ang mean differences ay kinompyut gamit ang dependent t-test. Ipinapakita ng talahanayan 3 ang resulta.

| Test | Mean | SD | Mean Difference | t | df | p-value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pretest<br>Posttest | 12.95<br>20.9 | 2.14<br>1.71 | -7.95 | 11.46 | 19 | <0.001 | Significant |

*Talahanayan 3. Pagkakaiba sa Antas ng Komprehensyon ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos Isagawa ang Interbensiyon*

Ipinakita sa resulta ang makabuluhang pagtaas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral matapos ang interbensiyon. Ang pretest ($M = 12.95$, $SD = 2.14$) ay tumaas sa posttest ($M = 20.90$, $SD = 1.71$), na may mean difference na 7.95. Ang resultang t-value na 11.46 ($df = 19$, $p < 0.001$) ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba sa pretest at posttest.

Ipinahihiwatig nito na epektibo ang interbensiyon sa pagpapabuti ng komprehensyon sa pagbasa. Bumaba rin ang standard deviation sa posttest, na nangangahulugang mas naging magkakatulad ang performance ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensiyon. Sa kabuuan, ang resulta ay nagpapatunay na may positibo at makabuluhang epekto ang ginawang interbensiyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang kinalabasan ng pag-aaral ay sumusuporta sa pahayag nina Bucal at Pawilen (2025) na ang mga estratehiyang nakabatay sa pag-uugnay ng dating kaalaman at bagong konsepto ay nakatutulong sa mas mabilis at mas malalim na pagkatuto, partikular sa larangan ng literacy. Sa parehong pananaw, binibigyang-diin ng Department of Education (2024) sa MATATAG Curriculum na ang paggamit ng learner-centered at contextualized na mga pamamaraan sa pagtuturo ay mahalaga upang mapaunlad ang foundational skills ng mga mag-aaral, kabilang ang komprehensyon sa pagbasa.

Dagdag pa rito, pinatutunayan ng pag-aaral nina Reyes at Villanueva (2023) na ang mga estratehiyang tulad ng bridging ay may malaking ambag sa pagpapabuti ng reading performance dahil pinapadali nito ang pag-uugnay ng prior knowledge sa mga bagong aralin. Kaugnay nito, ipinakita rin sa pag-aaral ng IJMABER (2025) na ang mga learner-centered instructional approaches ay may makabuluhang epekto sa pagtaas ng academic achievement, lalo na sa mga kasanayang pangliterasi. Ipinapahiwatig ng mga pag-aaral na ito na ang positibong resulta ng interbensiyon ay hindi lamang nakabatay sa estadistikal na datos kundi sumasalamin din sa mas malawak na epekto ng epektibong estratehiya sa pagtuturo.

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

*Suliranin 4. Ano ang mga hamon na nararanasan ng mga guro sa paggamit ng Bridging Strategy?*

Batay sa isinagawang panayam gamit ang online platform, ang mga nakalap na datos ay inuri sa ilang pangunahing tema upang maipakita ang mga hamon na nararanasan ng mga guro sa paggamit ng Bridging Strategy. Ang mga temang ito ay sinuri at iniugnay sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral upang mapalalim ang interpretasyon ng mga natuklasan. Ayon sa 3 gurong nagtuturo sa Unang Baitang sa Distrito ng Bambang I, mula sa paaralan ng Barat Elementary School, Salinas Elementary School, at San Leonardo Elementary School, ang mga hamon na kanilang mga naranasan sa paggamit nga bridging strategy ay ang mga sumusunod:

*Tema 1: Kakulangan sa Kasanayan ng Guro sa Lokal na Wika (Teacher Language Proficiency)*

Isa pang mahalagang tema ay ang kakayahan ng guro sa paggamit ng lokal na wika. Ang hamon na ito ay mula kina Guro 1. Ayon sa mga kalahok, nagiging hadlang ito sa malinaw na pagpapaliwanag ng mga konsepto at sa epektibong paggamit ng Bridging Strategy. Ang temang ito ay umaayon sa pag-aaral na A Qualitative Study on Teachers' Challenges and Adaptation to MATATAG Curriculum (IJAPR, 2025), na nagsasaad na ang kakulangan sa sapat na training at kaalaman sa mga bagong pedagogical approaches, kabilang ang angkop na paggamit ng wika, ay isa sa mga pangunahing hamon ng mga guro.

Kaugnay nito, binibigyang-diin nina Reyes at Villanueva (2023) na mahalaga ang paghahanda ng mga guro sa paggamit ng iba't ibang estratehiya, kabilang ang bridging, upang maging epektibo ang pagtuturo sa ilalim ng MATATAG Curriculum.

Dagdag pa rito, ipinakita ng pag-aaral nina Malque (2025) at The Core Collaborative (2025) na ang language proficiency ng guro ay may direktang epekto sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral at sa antas ng kanilang pagkatuto, lalo na sa mga multilingual classrooms. Nakasaad sa pag-aaral nina Bucal at Pawilen (2025) na ang epektibong Bridging Strategy ay nakasalalay sa kakayahan ng guro na iugnay ang bagong kaalaman sa lokal na konteksto at wika ng mag-aaral. Ipinapakita rin ng MATATAG Curriculum: Bridging Global Competencies and Local Relevance (2024) na ang pagtuturo na isinasaalang-alang ang lokal na wika at kultura ay nagdudulot ng mas mataas na engagement, comprehension, at retention ng mga konsepto.

Bukod dito, tinukoy sa pag-aaral nina Cheboi at Nyongesa (2019) at Rabanes at Paglinawan (2025) na ang kakulangan sa proficiency ng guro sa lokal na wika ay nagreresulta sa mabagal na pagtanggap ng bagong aralin, pagkabawas ng aktibong interaksyon sa klase, at hindi ganap na paggamit ng pedagogical innovations tulad ng Bridging Strategy. Ayon sa mga mananaliksik, ang pagkakaroon ng training programs na nakatuon sa lokal na wika, kasama ang pedagogical content knowledge, ay kritikal upang mapataas ang kalidad ng pagtuturo at matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Samakatuwid, malinaw na ang language proficiency ng guro ay isang kritikal na sangkap sa matagumpay na implementasyon ng learner-centered at contextualized instruction sa ilalim ng Revised MATATAG Curriculum. Hindi lamang ito nakaaapekto sa kahusayan ng pagtuturo, kundi pati na rin sa holistic development ng mag-aaral, lalo na sa pagbuo ng foundational literacy skills at sa pag-unawa ng mga bagong konsepto. Ang patuloy na professional development, mentorship, at localized teaching resources ay kinakailangan upang matugunan ang hamong ito at ma-maximize ang benepisyo ng Bridging Strategy.

*Tema 2: Lingguwistikong Pagkakaiba-iba ng mga Mag-aaral (Multilingual Classroom Challenges)*

Lumabas din bilang mahalagang tema ang pagkakaroon ng multi-lingual na mga mag-aaral sa loob ng isang klase. Ang pagkakaiba-iba ng wikang ginagamit ng mga mag-aaral ay nagiging hamon sa epektibong komunikasyon at pag-unawa sa aralin mula kay Guro 2.

Ang temang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Bucal at Pawilen (2025), na nagpapakita na ang Bridging Strategy ay mas nagiging epektibo kung isinasaalang-alang ang kultura at wika ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ipinapakita sa pag-aaral na MATATAG Curriculum: Bridging Global Competencies and Local Relevance (2024) na mahalagang iugnay ang lokal na konteksto at wika sa pagtuturo upang maging makabuluhan ang pagkatuto. Ipinapahiwatig nito na ang linguistic diversity ay nangangailangan ng mas flexible at adaptive na estratehiya sa pagtuturo upang matugunan ang pangangailangan ng lahat ng mag-aaral.

Suportado rin ang pananaw na ito ng pag-aaral nina Reyes at Villanueva (2023), na nagpapakita na ang mga guro na nakikilala ang wika at kultura ng kanilang mga estudyante ay mas matagumpay sa pagpapatupad ng learner-centered strategies, kabilang ang Bridging Strategy. Gayundin, pinagtibay ng The Core Collaborative (2025) na ang paggamit ng

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*

mother tongue bilang pundasyon sa pagtuturo ay nakakatulong sa mas mabilis at malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga bagong konsepto.

*Tema 3: Hamon sa Paglipat ng Kaalaman (Transition and Instructional Flow)*

Ang ikatlo na tema ay tumutukoy sa kahirapan ng mga guro sa pagdidisenyo ng angkop na transition strategy o ang maayos na paglipat mula sa dating kaalaman patungo sa bagong konsepto. Ang hamon na ito ay mula kay Guro 3. Ayon sa mga kalahok, nagiging hamon ang maayos na sequencing ng leksyon upang matiyak na naiintindihan ng mga mag-aaral ang ugnayan ng kanilang prior knowledge sa mga bagong ideya. Ang temang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ng IJMABER (2025), na nagsasabing ang implementasyon ng MATATAG Curriculum ay nangangailangan ng masusing pedagogical planning, malinaw na lesson flow, at competency-based teaching upang maging epektibo ang pagkatuto.

Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral ng The Core Collaborative (2025) na ang bridging strategy ay nangangailangan ng malinaw na instructional sequencing at scaffolding upang maging matagumpay ang pag-uugnay ng prior knowledge at bagong kaalaman. Gayundin, ayon sa Bucal at Pawilen (2025), ang maayos na transition strategy ay kritikal sa learner-centered pedagogy, lalo na sa kontekstong multilingual, kung saan ang guro ay kailangang i-modulate ang antas ng impormasyon at vocabulary upang maiwasan ang cognitive overload ng mga mag-aaral.

Ipinapakita rin ng pag-aaral nina Malque (2025) at Rabanes at Paglinawan (2025) na ang kakulangan sa pedagogical skills at maayos na sequencing ng aralin ay nagdudulot ng mabagal na pagkatuto, kakulangan sa engagement, at hindi ganap na paggamit ng mga instructional strategies tulad ng Bridging. Sa kabilang banda, ang mga guro na may mataas na pedagogical content knowledge at maayos na transition strategies ay nagtatagumpay sa pagpapahusay ng comprehension at retention ng mga mag-aaral. Samakatuwid, malinaw na ang kakulangan sa pedagogical planning at instructional sequencing ay maaaring magpahina sa bisa ng Bridging Strategy, at nangangailangan ng karagdagang training at mentoring upang mapabuti ang implementasyon nito sa ilalim ng MATATAG Curriculum.

Sa kabuuan, ang apat na temang lumitaw (1) kakulangan sa kagamitang pampagtuturo, (2) multilingual na konteksto ng klase, (3) kakayahan ng guro sa lokal na wika, at (4) hamon sa transition strategy—ay nagpapakita ng magkakaugnay na salik na nakaaapekto sa implementasyon ng Bridging Strategy.

Ang mga natuklasan ay sumusuporta sa mga naunang pag-aaral mula sa Kabanata II na nagsasabing ang tagumpay ng isang pedagogical innovation ay nakasalalay hindi lamang sa disenyo ng estratehiya kundi pati na rin sa kahandaan ng guro, sapat na kagamitan, at konteksto ng pagkatuto.

Samakatuwid, mahalagang tugunan ang mga hamong ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na instructional materials, pagpapalakas ng language proficiency ng mga guro, at patuloy na professional development. Sa ganitong paraan, mas mapapalakas ang implementasyon ng Bridging Strategy at maisusulong ang layunin ng MATATAG Curriculum na mapabuti ang kasanayan sa pagbasa at komprehensyon ng mga mag-aaral.

## Konklusyon at Implikasyon

*Mga Kongklusyon*

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na kongklusyon:

1. Ang kasanayan sa pagbasa ng mga Grade 1 learners bago gamitin ang Bridging Strategy ay nasa katamtamang antas, na nagpapakita ng umiiral na pundasyon ngunit may limitadong kakayahan sa phonological awareness.
2. Ang implementasyon ng Bridging Strategy ay nagresulta sa makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa, kung saan lahat ng mag-aaral ay umabot sa mataas na antas ng kasanayan sa posttest.
3. Mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa bago at pagkatapos gamitin ang Bridging Strategy, na nagpapatunay sa bisa at positibong epekto ng estratehiyang ito sa literacy development.
4. Ang mga hamon sa paggamit ng Bridging Strategy ng mga guro ay kinabibilangan ng kakulangan sa kasanayan ng guro sa lokal na wika, lingguwistikong pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral at hamon sa paglipat ng kaalaman. Ang mga ito ay may direktang implikasyon sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto.

*Mga Rekomendasyon*

Batay sa mga konklusyon ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon:

© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.

1. Para sa mga Mag-aaral, upang mas mapabuti ang kasanayan sa pagbasa bago gamitin ang Bridging Strategy, iminungkahi na patuloy na isagawa ang mga foundational literacy activities. Kasama rito ang phonics instruction, letter-sound recognition, at interactive reading exercises upang mapalakas ang phonological awareness ng mga Grade 1 learners. Mahalaga rin ang regular na assessment upang matukoy ang kasalukuyang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral at maiangkop ang mga interbensiyon sa kanilang pangangailangan.
2. Para sa mga Guro, iminumungkahi na ipagpatuloy at palawakin ang paggamit ng Bridging Strategy bilang pangunahing pedagogical approach sa pagtuturo ng pagbasa, dahil napatunayan nitong epektibo sa pagpapataas ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Maaaring isama ang Bridging Strategy sa iba pang learner-centered at contextualized approaches, gaya ng storytelling at phonics-based activities, upang lalo pang mapalalim ang comprehension at reading fluency. Upang harapin ang mga hamon sa implementasyon, mahalaga rin na mabigyan ang mga guro ng sapat na instructional materials, learning resources, at professional development upang mapalakas ang kanilang kakayahan sa paggamit ng lokal na wika at maayos na instructional transitions sa multilingual na konteksto. Hikayatin din ang paggamit ng adaptive at flexible teaching strategies upang mas maging epektibo ang Bridging Strategy sa iba't ibang learning contexts at kakayahan ng mga mag-aaral.
3. Para sa Administrador ng Paaralan, dapat tiyakin ng mga administrador na may sapat na kagamitan at learning resources ang mga guro upang epektibong maipatupad ang Bridging Strategy. Mahalaga rin ang pag-oorganisa ng regular na training, mentoring, at monitoring sessions upang masiguro na ang mga guro ay may kakayahan at suporta sa pagpapatupad ng learner-centered strategies sa kanilang klase.
4. Para sa Iba Pang Stakeholders, inirerekomenda ang pakikipagtulungan sa komunidad, lokal na pamahalaan, at iba pang organisasyon upang suportahan ang pagbibigay ng learning resources at pagsasanay sa mga guro. Ang kolaborasyon ay makatutulong upang mas mapalawak ang epekto at implementasyon ng Bridging Strategy sa iba’t ibang paaralan sa distrito.
5. Para sa Department of Education (DepEd), dapat isaalang-alang ng DepEd ang pag-integrate ng Bridging Strategy sa professional development programs ng mga guro sa elementarya. Maaari rin nilang gabayan ang iba pang paaralan sa distrito sa pamamagitan ng policy guidelines, instructional materials, at technical assistance upang masiguro ang maayos na implementasyon ng strategy sa buong bansa.
6. Para sa mga Mananaliksik sa Hinaharap, inirerekomenda na magsagawa ng karagdagang pag-aaral upang suriin ang long-term effects ng Bridging Strategy sa literacy development ng mga mag-aaral sa iba’t ibang baitang at paaralan. Maaari ring i-explore ang integrasyon ng digital learning tools at interactive resources upang mas suportahan ang Bridging Strategy at mas mapadali ang pagtuturo sa multilingual classrooms.

## Pasasalamat

Nais pasalamatan ng may-akda ang mga sumuporta sa pananaliksik na ito.

## Pondo

Walang natanggap na panlabas na pondo ang pananaliksik na ito.

## Pahayag sa Salungatan ng Interes

Walang salungatan ng interes ang mga may-akda.

## Pahayag sa Pagkakaroon ng Datos

Walang bagong datos na nilikha sa pag-aaral na ito.

## Mga Sanggunian

Abdon, J., & Barrios, R. (2022). Phonological awareness interventions using mother tongue in kindergarten learners. University of the Philippines Press.

Alonzo, P. (2018). Interactive instructional strategies for early literacy. Ateneo de Manila University Press.

Ambrose, S. A., Bridges, M. W., DiPietro, M., Lovett, M. C., & Norman, M. K. (2017). How learning works: Seven research-based principles for smart teaching. Jossey-Bass.

Bugtaquen, J. (2024). Indigenized reading materials and phonological awareness development among kindergarten learners. Philippine Journal of Education, 98(2), 45–60.

© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.

Bucal, M., & Pawilen, G. (2025). Bridging indigenous knowledge and curriculum standards: A framework for MATATAG implementation. Journal of Philippine Education, 12(1), 25–40.

Casingal, M., Laud, R., & Balaba, J. (2025). Challenges in literacy instruction in multilingual classrooms. Asian Journal of Education, 15(1), 66–82.

Castles, A., Rastle, K., & Nation, K. (2018). Ending the reading wars: Reading acquisition from novice to expert. Psychological Science in the Public Interest, 19(1), 5–51.

Cummins, J. (2021). Rethinking bilingual education. Multilingual Matters.

Darling-Hammond, L., Flook, L., Cook-Harvey, C., Barron, B., & Osher, D. (2020). Implications for educational practice of the science of learning. Applied Developmental Science, 24(2), 97–140.

Department of Education. (2024). Revised MATATAG Curriculum Framework. DepEd.

Dela Cruz, M., & Rey, A. (2023). Phonological awareness and reading achievement in urban schools. Philippine Education Review, 10(3), 112–130.

Ehri, L. C. (2020). Orthographic mapping in the acquisition of sight word reading. Journal of Research in Reading, 43(1), 1–17.

Fiorella, L., & Mayer, R. (2016). Eight ways to promote generative learning. Educational Psychology Review, 28(4), 717–741.

Garcia, O., & Kleifgen, J. (2020). Educating emergent bilinguals. Teachers College Press.

Gillon, G. (2018). Phonological awareness: From research to practice. Guilford Press.

Hattie, J. (2023). Visible learning: The sequel. Routledge.

Lervåg, A., Hulme, C., & Melby-Lervåg, M. (2018). Unpicking the developmental relationship between oral language skills and reading comprehension. Journal of Child Psychology and Psychiatry, 59(3), 322–332.

Mejala, R. (2024). Early language interventions and reading development in Grade 1 learners. Journal of Basic Education Research, 6(1), 55–70.

Ocampo, D., & Pado, F. (2020). Scaffolding strategies in early literacy instruction. Asia Pacific Education Review, 21(4), 567–580.

Olabiyi, O., Shaon, S., & Rebecca, L. (2025). Instructional gaps and literacy challenges in primary education. International Journal of Educational Development, 85, 102–118.

United Nations. (2020). Sustainable Development Goal 4: Quality Education. https://sdgs.un.org

## Mga Apendiks

Walang kalakip na mga apendiks sa pag-aaral na ito

*© 2026 The International Review of Multidisciplinary Research. This is an open access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution 4.0 International License (CC BY 4.0), which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original author and source are credited.*